# "Maganap Nawa sa Akin, Ayon sa Iyong Salita"

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alex Balatbat
Disyembre 30, 2023

Para sa mga Katoliko, ang Enero 1 ay hindi lang pagsalubong sa bagong taon; kundi higit sa lahat, ito ay pagdiriwang sa kapistahan ng Mahal na Inang Maria. Ang papel ng mahal na Birheng Maria sa ating pananampalataya ay ang pinakapundasyon ng ating pagtubos. Ang kanyang "OO" sa Diyos ang dahilan kung bakit ipinanganak si Kristo. Sa pamamagitan ng kanyang OO, naligtas tayo. Sa katunayan, sinasabi ng maraming iskolar na ang "AVE"- ang pagbati na tawag natin sa kanya - ay kabaligtaran ng "Eva," ang babaeng sumuway sa Diyos. Kaya, ang "Eva" ay naging "Ave," mula sa babaeng sumuway sa Diyos sa babaeng sumunod sa Diyos. Tunay nga, ang mahal na Ina ang huwaran ng pagsunod.

**1. PAGSUNOD**

Ang pagsunod ay mahalaga na matutunan nating lahat, dahil ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay makapagpabago sa ating buhay. Gayunpaman, ang pagsunod ay maaari lamang mangyari kung ang puso ay handang makinig. Noong nagpakita si Anghel Gabriel kay Inang Maria upang ipahayag ang pagsilang kay Hesus, binati niya si Maria at sinabing, "Aba! Napupuno ka ng grasya, ang Diyos ay sumasaiyo." Napakahalaga ng pagbating ito dahil ito ay nagbibigay patunay na puno ng grasya si Maria dahil nasa kanya ang Diyos.

**2. PAPAANO TAYO MAGIGING MASUNURIN TULAD NI MARIA?**

**2.1. MAG-ISIP**. Noong sinabi ni Anghel Gabriel kay Maria na siya ang magiging Ina ni Hesus, nakaramdam siya ng takot. Maski si Maria ay nag-isip kung ano ang ibig sabihin ng anghel sapagkat posibleng baka hindi niya ito maintindihan.

**2.2. MAGTANONG**. Kasunod nito, nagtanong siya sa Diyos nang buong pagpapakumbaba, para maintindihan niya ito. Nagtanong siya hindi para hamunin o pagdudahan ang Diyos, kundi hindi niya naiintindihan ang lahat. Ang buhay natin ay hindi laging sa pag-alam ng lahat ng sagot. Sa mga mahirap na tanong ng buhay, hayaan nating sagutin ito ng Diyos.

**2.3. MAGNILAY/UNAWAIN**. Nagmuni-muni ang Mahal na Ina sa kanyang narinig. Tulad din nito, buksan natin ang ating puso sa sinasabi ng Diyos sa atin. Malalaman natin ang kagustuhan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:

a. Masaya ka ba sa iyong desisyon?
b. Payapa ka ba sa iyong desisyon?
k. May krus ba ang iyong desisyon? Kung walang krus (sakripisyo), hindi iyon kalooban ng Diyos.
d. Naririnig mo ba ang Kanyang tinig? (pag-unawa)

**2.4. SUMUNOD**. Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay ang pagdiriwang ng tunay na kalayaan. Ang pagsunod ay nabuo sa magandang pag-uusap ng Diyos: Pag-iisip. Pagtatanong. Pag-unawa. Pagsunod.

Sa kasalan sa Cana (Juan 2:1-11), Sinabi ni Inang Maria sa lahat ng nagsisilbi doon, "Gawin ninyo ang anumang sabihin sa inyo."

**3. PAGSUNOD SA KALOOBAN NG DIYOS**

**3.1.** Kamakailan lamang karamihan sa atin ay nahirang sa posisyong pamumuno. Iniisip ba natin na ang ating paglilingkod ay isang pasanin? Tandaan na ang taong sumusunod sa kalooban ng Diyos ay hindi nagrereklamo dahil malinaw ang kanilang layunin.

**3.2.** Walang limitasyon sa edad ang paglilingkod sa Diyos. Sa kabila ng edad ni Soar, patuloy pa rin siyang naglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng Lord's Flock Community. Hindi siya tumitigil dahil ang layunin niya ay maglingkod sa Diyos.

**3.3.** Si Pope Francis ay naging Papa sa edad na 76. Walang bata o matanda sa pagsunod.

**KONKLUSYON**:

Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos sa ating buhay ay pagkilala sa Kanyang kapangyarihan, at hindi sa atin. Maririnig lamang natin ang kalooban ng Diyos kapag tayo ay makikinig sa Kanyang tinig. Tularan natin si Inang Maria sa pagsuko rin sa ating sarili: "Maganap nawa sa akin ang Iyong Salita."

**PAGNINILAY:**

1. Ano ang nag-uudyok sa iyo na magpatuloy at maging tapat sa Diyos?
2. Balikan at magsalaysay ng isang sitwasyon kung saan nakaranas ka ng mga hakbang gaya ng ginawa ni Maria.

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Pagsunod